PAMAMARAAN NG PAGREREKLAMO SA TITLE VI

Sinumang naniniwala na siya na napakitunguhan nang may diskriminasyon batay sa lahi, kulay o pinagmulang bansa ng Port Authority Transit Corporation (mula dito ay tinutukoy bilang "PATCO") ay maaaring magsampa ng reklamo sa Title VI sa pamamagitan ng pagkukumpleto at pagsusumite ng Form ng Pagrereklamo ng Titulo VI ng PATCO. Iniimbestigahan ng PATCO ang mga reklamo na natanggap ng higit sa 180 araw makalipas ang naparatang na pangyayari. Ipoproseso ng PATCO ang mga reklamo na nakumpleto.

Sa sandaling natanggap na ang reklamo, ire-review ng PATCO para mapagpasyahan kung ang aming tanggapan ay may hurisdiksyon. Ang nagrereklamo ay makakatanggap ng liham ng pagkikilala sa pagtanggap na sinasabi sa kaniya kung ang reklamo ay iimbestigahan ng aming opisina.

Ang PATCO ay may 30 araw para imbestigahan ang reklamo. Kung mas maraming impormasyon ang kinakailangan para malutas ang kaso, maaaring makipag-ugnayan ang PATCO sa nagrereklamo. Ang nagrereklamo ay may 10 araw na may pasok sa trabaho mula sa petsa ng liham para maipadala ang na-request na impormasyon sa imbestigador na natalaga sa kaso. Kung ang imbestigador ay hindi nakontak ng nagrereklamo o hindi nakatanggap ng dagdag na impormasyon sa loob ng 15 araw na may pasok sa trabaho, maaaring isara ng PATCO sa administratibo ang kaso. Ang kaso ay maaari rin isara sa administratibo kung hindi na nais ng nagrereklamo na ipagpatuloy ang kaso.

Makalipas na ma-review ng imbestigador ang reklamo, magpapalabas siya ng dalawang liham sa nagrereklamo: isang closure letter o sulat ng pagsasara o isang letter of finding (LOF) o sulat ng natuklasan. Ang sulat ng pagsasara ay nagbubuod sa mga alegasyon at nagpapahiwatig kung walang paglalabag sa Title VI at ang kaso ay isasara. Isang LOF ang gumagawa ng buod ng mga alegasyon at panayam patuloy sa naparatang na pangyayari, at ipinapaliwanag kung may kilos na pandisiplina, karagdagang training sa miyembro ng staff o iba pang kilos ang gagawin. Kung nais ng nagrereklamo na mag-apela sa desisyon, mayroon siyang 30 araw makalipas ang petsa ng sulat o ng LOF na gawin ito.

Maaari rin magsampa ng reklamo ang tao nang direkta sa Federal Transit Administration, at FTA Office of Civil Rights, 1200 New Jersey Avenue SE, Washington, DC 20590.